

Ang pagpapalit-koda sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa Baitang 7

Decipolo, Arlene L. ✉

Sibulan Science High School, Philippines (arlene.decipolo@deped.gov.ph)

Eliaga, Catherine T.

Negros Oriental State University, Philippines (catherine.eliaga@norsu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 19 September 2024

Revised: 15 October 2024

Accepted: 20 October 2024

Available Online: 20 October 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24837

Abstract

Despite the implementation of language policies such as bilingual education in the Philippines, it cannot be denied that code-switching occurs in Filipino, Social Studies, and Values Education classes where Filipino is the medium of instruction. This situation has paved the way to study the types, communicative functions, frequency, and attitudes of teachers and students towards code-switching in teaching Filipino, Social Studies, and Values Education in Grade 7 of three (3) Science High School in three Divisions of Negros Oriental, Philippines. The research design is a combination of exploratory-qualitative-statistical and exploratory-quantitative interpretative. Methodological triangulation was also used; classroom observations, survey-questionnaires, and focus group discussions were conducted to gather data. The data was gathered from eight (8) teacher respondents and one hundred twelve (112) student respondents. The study revealed four main results: 1) in terms of the types of code-switching used by teachers in class, inter-sentential switching was predominant in the survey, analysis from actual observations, and interviews; 2) in terms of the communicative functions of code-switching used by the teachers in class, the following were prominent in the survey: lack of register, emphasizing a point, addressing different audience, and attracting attention; 3) in terms of frequency of use, teachers often used habitual expressions; 4) in terms of teachers' attitudes, they were positive with a weighted mean of 4.21 (strongly agree), and students were also positive with a weighted mean of 4.08 (agree), indicating the significant help of code-switching. In conclusion, it shows that code-switching plays an important role in teaching Filipino, Social Studies, and Values Education that teachers should pay attention to.

Keywords: code-switching, communicative functions of code-switching, Filipino, social studies, values education

Ang pagpapalit-koda sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa Baitang 7

1. Introduksiyon

Isa sa mga pangunahing itinataguyod ng Departamento ng Edukasyon sa Pilipinas ay ang edukasyong bilingguwal na napapaloob sa DO 52, s. 1987. Pangunahing nilalaman ng polisiyang pangwika ang hiwalay na paggamit ng Filipino at Ingles bilang mga wikang panturo. Sa kabila nito, sinimulan namang ipatupad taong panuruan 2012-2013 ang DO 16, s. 2012 — Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na nagbibigay-diin sa paggamit ng mga katutubong wika bilang unang wika ng mga estudyante na wikang panturo sa sistema ng edukasyon sa bansa. Ang pagiging kompetent ng mga guro at estudyante sa larangan ng Ingles at Filipino gayundin sa katutubong wika ay binibigyang pansin ng DepEd. Pinaniniwalaan na ang pagtatamo ng *functional* na kaalaman sa wika ay nakatutulong sa paglinang at pag-unlad ng bansa.

Ngunit sa kabila ng pagpapatupad ng mga patakarang pangwika gaya ng edukasyong bilingguwal ay hindi natin maikakaila na sa mga klase sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao, na wikang Filipino ang ginamit na midyum ng pagtuturo ang mga guro at estudyante ay nagpapalit ng lengguwahe sa panahon ng kumbersasyon sa klase mula Filipino patungo sa Ingles o *vice versa* o kaya'y Filipino patungo sa Cebuano o *vice versa*. Ang kalagayang ito sa larangan ng lingguwistika ay tinatawag na pagpapalit-koda o mas kilala sa Ingles na *code switching*. Ito ay nagaganap kapag ang tagapagsalita ay nagpapalit ng lengguwahe mula sa isang wika tungo sa isa pang wika. Sa madaling sabi, ito ay paggamit ng dalawa o higit pang wika sa pakikipag-usap na kadalasan ginagamit ng mga bilingguwal at multilingguwal.

Ayon kay Palmer (2009), maraming multilingguwal na naniniwala na ang paggamit ng palit-koda ay simbolo ng kahinaan sa wika sapagkat hindi na mabibigyang halaga ang target na wikang dapat matutuhan sa loob ng konteksto. Dagdag pa, sa teorya ni Jacoby (1983 sa Valerio, 2015) na *Psycholinguistics Theory*, hindi dapat gamitin ang palit-koda sa mga pangalawang wika na klase sapagkat hindi na makakamit ang layunin sa pag-aaral ng wika upang hasain ang kaalaman at kasanayan sa paggamit nito at maaari ring maging karaniwan na lamang ang paggamit ng palit-koda sa loob ng klase. Pinaniniwalaang may negatibong epekto ang palit-koda (Payawakal-Gabriel at Reyes-Otero (2006) at Inductivo (1994) sa Metila 2009) dahil sa nagpapalito ito sa estudyante at naapektuhan nito ang kanilang komprehensyon. Bunga nito ay ang hindi pagiging kompetent ng isang indibiduwal guro man o kaya'y estudyante sa iisang wika. Ang mga lingguwista at edukador ay hinahamon din ang kanilang pananaw na ang pagpapalit-koda ay nakapagpapababa ng komunikasyong pamantayan (Valerio, 2015).

Ang kalagayang ito ay nakatawag pansin sa mananaliksik upang pag-aralan ang pagpapalit-koda sa klase na Filipino ang ginamit na midyum sa pagtuturo. Nahikayat ang mananaliksik na pag-aralan ang pagpapalit-koda sa kasalukuyang sitwasyon sa klase upang malaman ang uri, komunikatibong tungkulin, dalas, at maging ang saloobin ng mga guro at mga estudyante sa paggamit ng palit-koda sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao.

Mga Suliranin ng Pag-aaral - Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay malaman at pag-aralan ang uri, komunikatibong tungkulin, dalas, at saloobin ng mga guro at estudyante sa paggamit ng palit-koda sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa Baitang 7 ng Tatlong Science High School sa Taong Panuruan 2017-2018. Tiniyak din sa pag-aaral ang sumusunod: (1) matukoy ang mga uri ng pagpapalit-kodang ginamit ng guro sa klase; (2) masuri ang mga komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-koda na ginamit ng guro sa klase; (3) malaman ang dalas ng pagpapalit-koda ng mga guro sa klase; (4) maiisa-isa ang mga saloobin ng mga guro sa paggamit ng palit-koda; (5) maiisa-isa ang mga saloobin ng mga estudyante sa paggamit ng palit-koda; at (6) masuri kung may makabuluhang pagkakaiba ba sa saloobin ng guro at estudyante

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang kasalukuyang pag-aaral ay kombinasyon ng *exploratory-qualitative-statistical* at *exploratory-quantitative-interpretative* na uri ng disenyo ng pananaliksik. Ito ay dahil sa: (a) ang datos ay nagmula sa *naturalistic setting*; (b) ang datos na kinalap ay kwaliteytib at kwantiteytib; at (c) ang datos ay isinailalim sa istatistikal at interpretatibong pagsusuri (Grotjahn, 1987 sa Nunan, 1992 at Quitevis, 2008). Kwaliteytib ang pananaliksik na ito dahil ang mga datos ay kinuha mula sa labinlimang (15) obserbasyon na ang paksang tinalakay ay naaayon sa gabay pangkurikulum ng K-12 sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao na kung saan wikang Filipino ang ginagamit na midyum sa pagtuturo. Ginamit ang *audio-recording* upang irekord ang talakayan sa klasrum at nang malaman ang uri, komunikatibong tungkulin, at dalas ng pagpapalit-koda ng guro. Pagkatapos ng aktuwal na obserbasyon ay itinanskrayb ang nasabing talakayan at nang masuri ng mga mananaliksik. Ginawa rin ang interbyu sa bawat guro upang i-triangulate ang natuklasan at malaman ang pagkakatulad nito sa akto ng pagsasalita. Samantala, isinagawa ang sarbey sa bawat guro at mga estudyante sa pamamagitan ng kwestyuneyr upang malikom ang kwantiteytib na datos. Ginamit ang deskriptib na pag-aaral upang ilarawan ang uri, komunikatibong tungkulin, dalas, at maging ang saloobin ng mga respondente sa isyu ng pagpapalit-koda.

Respondente - May kabuoang walong (8) guro ang nagtuturo ng asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa Baitang 7 ng Tanjay City Science High School, Ramon Teves Pastor Memorial- Dumaguete Science High School, at Sibulan Science High School sa taong panuruan 2017-2018 ang pinagtuunang pansin. Tatlong (3) guro sa Tanjay City Science High School, tatlong (3) guro sa Ramon Teves Pastor Memorial- Dumaguete Science High School, at dalawang (2) guro sa Sibulan Science High School na ang isang guro ay nagtuturo ng dalawang asignatura; ang Filipino 7 at ESP 7. Samantala, may kabuoang isandaan labindalawang (112) estudyante ang pinagtuunang pansin din sa pag-aaral na ito upang malaman ang saloobin nila sa paggamit ng palit-koda sa klase. Sampung (10) estudyante ng bawat paaralan na may kabuoang tatlumpo (30) ang sangkot sa *focus group discussion* upang ma-verify ang kani-kanilang saloobin sa palit-koda. Sa aktuwal na obserbasyon at interbyu, walong (8) guro rin na nagtuturo ng nabanggit na mga asignatura ang kasangkot. Maaaring sila ay magkakaiba ng pamamaraan sa pagtuturo subalit ang pangunahing binigyang diin ay ang komunikatibong kakayahan upang matulungan ang mga estudyante na maging mahusay sa paggamit ng wikang Filipino. Ang mga gurong kabilang sa aktuwal na obserbasyon at interbyu ay binigyang katawagan gamit ang GP1, GP2, at GP3 ng bawat asignatura (Fil, AP, at ESP) na ang ibig sabihin ay Guro sa Paaralan 1, Guro sa Paaralan 2, at Guro sa Paaralan 3 upang maitago ang kanilang pangalan.

Instrumento at Hakbang - Ginamit ang *audio recorder* ng mananaliksik upang makuha ang mga talakayang nagaganap sa loob ng Baitang 7 sa klase ng Filipino (Fil), Araling Panlipunan (AP), at Edukasyon sa Pagpapakatao (ESP). Ang mga datos ay kinuha mula sa labinlimang (15) obserbasyon. Limang (5) obserbasyon sa bawat asignatura na may tig-aanim (6) na oras bawat isa na may kabuoang labing walong (18) oras sa obserbasyon na ang paksang tinalakay ay naaayon sa gabay pangkurikulum ng K-12 sa klase ng Fil, AP, at EsP na kung saan wikang Filipino ang ginagamit na midyum sa pagtuturo. Gamit ang tatlong uri ng pagpapalit-koda ni Poplack (1980) ay sinuri ang mga naitala mula sa *recorder*. Habang nag-oobserba, ang ginagampanan lamang ay ang pagiging taga-obserba upang maiwasan ang tungkulin ng pagiging guro at makakuha ng ibang pananaw sa sitwasyon (Hatch, 2002 sa Quitevis, 2008 at Azlan at Narasuman, 2013). Sa pag-oobserba, sinikap na magbigay lamang ng tuon sa mga punto na magagamit sa pag-aaral. Matapos ang pag-oobserba ay ibinigay ang kwestyuneyr na may mga katanungang nasasagot ang mga uri, komunikatibong tungkulin, at saloobin sa pagpapalit-koda sa klase. Upang masagot ang mga katanungan sa kasalukuyang pag-aaral ay ginamit ang pamamaraang ito upang makapangalap ng datos mula sa mga guro at mga estudyante ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa paggamit ng palit-koda sa klase.

Ang kagamitang ito ay binabatay sa instrumentong ginamit ng Gradwadong Paaralan ng Unibersidad ng

Silliman, tesis ni Quitevis (2008) sa kaniyang pag-aaral na Code-Switching in Teacher Talk in the Classroom: Attitudes of Teachers, Students, and Administrators Towards it. May dalawang uri ng kwestyuneyr na inihanda ang mananaliksik. Ang unang uri ay sinagutan ng mga guro at ang ikalawang uri ay para sa mga estudyante na siya ring sinagutan nila. Ang unang uri ay para sa guro na nahahati sa tatlong bahagi: Ang unang bahagi ay kumakatawan sa profayl na impormasyon ng mga guro tulad ng kasarian, istatus sibil, gulang, pinakamataas na edukasyunal na kwalipikasyon, pinagkadalubhasaan, asignaturang itinuturo, at bilang ng taon sa serbisyo. Ang ikalawang bahagi naman ay ang mga uri at komunikatibong tungkulin ng palit-koda na ginamit ng mga guro. At ang ikatlong bahagi ay kumakatawan sa saloobin ng mga guro ng pagpapalit-koda na may labinglimang (15) aytem. Ang kwestyuneyr naman para sa mga estudyante ay binubuo rin ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay ang profayl ng mga estudyante tulad ng kasarian, baitang, edad, pinakamadaling asignatura sa paaralan, di-gaanong gustong asignatura sa paaralan, at lengguwaheng ginagamit sa bahay. Ang ikalawang bahagi ay ang mga uri at komunikatibong tungkulin ng palit-koda na ginamit ng mga estudyante. At ang ikatlong bahagi ay kumakatawan sa saloobin ng mga estudyante sa pagpapalit-koda sa pagkatuto ng Filipino, Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao na may labinglimang (15) aytem.

Paglikom ng mga Datos - Bago isinagawa ang obserbasyon, interbyu, at pagpapasagot sa mga sarbey-kwestyuneyr ay humingi muna ang mananaliksik ng permiso sa mga superintendente at mga punong-guro na kasangkot sa pag-aaral. Pagkatapos maaprobahan ang hiling ng mananaliksik, saka humingi ng pahintulot sa guro. Isinagawa ang *audio-recording testing* upang malaman kung maayos at malinaw ang mga nairekord na mga kumbersasyon. Ang aktuwal na *audio-recording* sa bawat klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao ay naganap pagkatapos ng testing. Isinagawa rin ng mananaliksik ang *pilot testing* sa dalawang (2) guro at apatnapu't tatlong (43) estudyante ng Zamboangita Science High School upang masiguro na madaling maunawaan at hindi nakalilito ang sarbey-kwestyuneyr. Kung walang katanungan, ay nangangahulugang maaari nang isagawa ang sarbey.

Pagsusuri ng Datos - Ang mananaliksik ay gumamit ng *methodological triangulation* kung saan kabilang ang: obserbasyon, kwestyuneyr, at interbyu/*focus group discussion*. Matapos ang obserbasyon sa mga klase ay sinagutan ng mga respondente ang kwestyuneyr nang malaman ang uri, komunikatibong tungkulin, at maging ang mga saloobin sa paggamit ng palit-koda sa klase. Pagkatapos ay inilahad ang naging resulta sa mga talahanayan upang masuri. Sinuri rin ang mga transkripsyon mula sa iba't ibang obserbasyong narekord sa mga klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao upang malaman ang mga uri, komunikatibong tungkulin, at dalas ng pagpapalit-koda ng mga guro sa mga klaseng nabanggit. Isinagawa rin ang interbyu sa mga kasangkot na guro upang ma-triangulate ang kanilang mga sagot. Gayundin isinagawa ang *focus group discussion* sa mga piling estudyante na kasangkot sa pag-aaral upang makapangalap ng karagdagang impormasyon at datos na susuporta sa resulta ng isinagawang pag-aaral.

3. Resulta at Pagtatalakay

Sa talahanayan 1, makikita ang uri ng pagpapalit-koda na ginamit ng mga guro sa klase sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao. Batay sa sarbey-kwestyuneyr, nangunguna sa uri ng pagpapalit-kodang ginamit ang *inter-sentential switching* na may kabuoang bilang na siyam (9) o isandaang bahagdan (100%). Samantala, ang hindi gaanong ginamit na uri ng pagpapalit-koda sa klase ay ang *intra-sentential switching* na may kabuoang bilang na anim (6) o animnapu't pitong bahagdan (67%). Batay sa ginawang pagsusuri mula sa aktuwal na obserbasyon na tinanskrayb, napatunayan na ang mga guro ay nagpapalit-koda sa klase ng Fil, AP, at EsP. Ang tag switching at *inter-sentential switching* ay madalas ginamit sa klase ng Fil, AP, at EsP sa P1, P2, at P3. Samantala, minsan namang ginamit ang *intra-sentential switching* sa klase ng Fil (P3) at EsP (P2).

Napatunayan din sa interbyu mula sa mga gurong nagtuturo ng Fil, AP, at EsP ay madalas silang nagpapalit-koda sa mga klaseng nabanggit. Karamihan sa kanila ay nagpapalit-koda gamit ang *tag switching* at *inter-sentential switching*. Samantala, minsan lamang ginamit ang *intra-sentential switching*. Nangangahulugan

lamang na ang guro ay kadalasang gumamit ng mga ekspresyon sa tuwing nagpapahayag at nagpapalit ng wika na nagsisimula sa isang parirala, sugnay o pangungusap gamit ang isang lengguwahe at nagpalit kalaunan ng ibang lengguwahe.

Talahanayan 1

Uri ng Pagpapalit-koda na Ginamit ng Guro sa Klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao

Uri ng Pagpapalit-koda	Fil			AP			EsP			Kabuoan	Bahagdan (%)	Ranggo
	G P1	G P2	G P3	G P1	G P2	G P3	G P1	G P2	G P3			
1. Tag switching	✓	✓	✓	✓	✗	✓	✓	✓	✓	8	89	2
2. Inter-sentential switching	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	9	100	1
3. Intra-sentential switching	✓	✗	✗	✓	✓	✓	✓	✓	✗	6	67	3

Leyenda: GP1- Guro sa Paaralan 1
 GP2- Guro sa Paaralan 2
 GP3- Guro sa Paaralan 3
 ✓- ginagamit
 Fil- Filipino
 AP- Araling Panlipunan
 EsP- Edukasyon sa Pagpapakatao
 ✗- hindi ginagamit

Ang lumabas na resulta ay napatunayan sa pag-aaral nina Azlan at Narasuman (2013) na batay sa kanilang isinagawang obserbasyon at pagsusuri ang tatlong uri ng pagpapalit-koda ni Poplack (1980) na *tag switching*, *inter-sentential switching*, at *intra-sentential switching* ay ginamit sa talakayan sa loob ng klasrum. Gayunpaman, ang *inter-sentential switching* ang kadalasan ginagamit na uri ng pagpapalit-koda sa klase. Ayon sa Modelong Markedness ni Myers-Scotton's (1993 sa Boztepe, 2003 at Durano, 2009), ang pagpapalit-koda ay isang *marked* at *unmarked choice*. *Unmarked choice* kapag ang lengguwahe ay 'inaasahan sa loob ng konteksto' samantala kung ang lengguwahe ang 'hindi inaasahan sa loob ng konteksto' ito ay tinatawag na *marked choice*. Pinatunayan na sa kasalukuyang pag-aaral ang ginamit ng guro sa klase ng Fil, AP, at EsP ay kapwa *unmarked* at *marked choice*. *Unmarked*, sapagkat inaasahan na wikang Filipino ang midyum na gagamitin sa mga klaseng nabanggit at *marked choice* rin sapagkat may mga pahayag na ginamit mula sa ibang wika gaya ng English at Cebuano.

Sa talahanayan 2, makikitang sa sampung (10) komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-koda na ginamit ng guro sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakato ay nangunguna ang sumusunod: kakulangan sa rehistro, magbigay ng diin, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, at makahikayat ng atensiyon na pawang nakakuha kabuuang bilang na siyam (9) o isandaang bahagdan (100%). Samantala, ang hindi gaanong ginamit na komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-koda ng guro sa klase ng Fil, AP, at EsP ay ang mga sumusunod: kondisyon ng tagapagsalita at pragmatikong dahilan na may kabuuang bilang na apat (4) o apatnapu't apat na bahagdan (44%).

Batay sa ginawang pagsusuri mula sa aktuwal na obserbasyon, ang guro sa Araling Panlipunan Paaralan 3 ang may pinakamadala gumamit ng pagpapalit-koda sa klase na may kabuoang apatnaraan tatlumpu't pito (437) o 100%. Ang nangungunang komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-kodang ginamit ng guro sa klase ng AP sa P3 ay ang kinagawiang ekspresyona at kakulangan sa pasilidad habang ang pinakamababang bilang ng pagpapalit-kodang ginamit naman ay pragmatikong dahilan at makahikayat ng atensiyon. Samantala ang guro naman sa Filipino Paaralan 3 ang may pinakamababang bilang ng pagpapalit-koda na may kabuoang isandaan tatlumpu't isa (131) ng pagkakagamit. Ang nangungunang komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-kodang ginamit sa klase ng Fil sa P3 ay kinagawiang ekspresyon samantala ang pinakamababang bilang naman ng pagkakamit ay ang; kakulangan sa rehistro, kondisyon ng tagapagsalita, at magbigay ng diin.

Sa interbyu ng mga guro sa Fil (P1, P2, at P3), ang guro sa Fil (P1) ay gumagamit ng palit-koda at ang komunikatibong tungkulin o dahilan ng kaniyang paggamit nito ay ang mga sumusunod: kakulangan sa rehistro, kondisyon ng tagapagsalita, magbigay ng diin, kinagawiang ekspresyon, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, at

makahikayat ng atensiyon. Ang guro sa Fil (P2) ay nagpapalit-koda dahil sa kakulangan sa rehistro, magbigay ng diin, at pagkausap sa iba't ibang tagapakinig. Samantala, ang guro sa Fil (P3) ay nagpapalit-koda dahil sa kakulangan sa rehistro, magbigay ng diin, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, at makahikayat ng atensiyon.

Talahanayan 2

Komunikatibong Tungkulin ng Pagpapalit-koda na Ginamit ng Guro sa Klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao

Komunikatibong Tungkulin ng Pagpapalit-kodang Ginamit	Fil			AP			ESP			Kabuoan	Bahagdan (%)	Ranggo
	G P1	G P2	G P3	G P1	G P2	G P3	G P1	G P2	G P3			
1. Kakulangan sa pasilidad	x	x	✓	✓	✓	✓	✓	x	✓	6	67	5
2. Kakulangan sa rehistro	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	9	100	2.5
3. Kondisyon ng tagapagsalita	✓	x	x	✓	x	x	✓	✓	x	4	44	9.5
4. Magbigay ng diin	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	9	100	2.5
5. Kinagawiang ekspresyon	✓	x	x	✓	x	✓	✓	✓	x	5	56	7
6. Kahalagahang pansemantika	x	✓	x	✓	x	✓	✓	✓	x	5	56	7
7. Pagkausap sa iba't ibang tagapakinig	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	9	100	2.5
8. Pagkakakilanlan sa pangkat	x	x	x	✓	✓	✓	✓	✓	x	5	56	7
9. Pragmatikong Dahilan	x	✓	x	✓	x	✓	x	✓	x	4	44	9.5
10. Makahikayat ng atensiyon	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	✓	9	100	2.5

Leyenda: GP1- Guro sa Paaralan 1
 GP2- Guro sa Paaralan 2
 GP3- Guro sa Paaralan 3
 ✓ - ginagamit
 Fil- Filipino
 AP-Araling Panlipunan
 EsP- Edukasyon sa Pagpapakatao
 x- hindi ginagamit

Sa interbyu ng mga guro sa AP (P1, P2, at P3), ang guro sa AP (P1) ay nagbigay ng dalawang komunikatibong tungkulin sa paggamit ng palit-koda ito ay ang kondisyon ng tagapagsalita at magbigay ng diin. Ang guro sa AP (P2) ay nagpapalit-koda dahil sa kakulangan sa pasilidad, kakulangan sa rehistro, kondisyon ng tagapagsalita, magbigay ng diin, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, at makahikayat ng atensiyon. Ang guro sa AP (P3) ay nagpapalit-koda dahil sa kakulangan sa pasilidad, kakulangan sa rehistro, magbigay ng diin, kinagawiang ekspresyon, kahalagahang pansemantika, pagkilala sa iba't ibang tagapakinig, pagkakakilanlan sa isang pangkat, pragmatikong dahilan, at makahikayat ng atensiyon.

Samantala, sa interbyu naman sa guro ng EsP (P1), sinabi niyang ang dahilan ng pagpapalit-koda sa klase ay ang kakulangan sa pasilidad, kakulangan sa rehistro, kondisyon ng tagapagsalita, magbigay ng diin, kahalagahang pansemantika, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, pagkakakilanlan sa pangkat, at makahikayat ng atensiyon. Ang guro ng EsP (P2) ay nagbahagi rin ng kaniyang dahilan kung bakit siya nagpapalit-koda ito ay ang lahat ng dahilang iniisa-isa na ginamit sa pag-aaral habang ang guro sa EsP (P3) ay nagpapalit-koda dahil sa kakulangan sa pasilidad at rehistro, magbigay ng diin, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, at makahikayat ng atensiyon. Sa madaling sabi, ang mga guro sa klase ng Fil, AP, at EsP sa P1, P2, at P3 ay nagpapalit-koda gamit ang kinagawiang ekspresyon. Batay sa isinagawang sarbey nina Azlan at Narasuman (2013) na ang pinakapangunahing komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-kodang ginamit ng guro sa klase ay ang magbigay ng diin na siya ring resulta ng kasalukuyang pag-aaral.

Ayon sa *Communication Accomodation Theory* ni Giles (1971 sa Das, 2012) binigyan pansin niya ang *convergence* at *divergence* na konsepto sa larangan ng sosyolinggwistiks. Pinatunayan sa kasalukuyang pag-aaral na ang dalawang konseptong ito ay ginamit sa mga nabanggit na klase. *Convergence*, sapagkat ang guro at estudyante ay kapwa umangkop o umaayon sa sitwasyon o kalagayang nagaganap sa loob ng klase. Halimbawa nalang ang kumbersasyon sa pagitan ng guro at mga estudyante. Ginamit din ang konsepto ng *divergence* kung

saan ang isang indibiduwal ay may kapangyarihan at awtoridad sa taong kanyang kausap gaya halimbawa sa loob ng klase na kung saan ang guro ay nagpapakita nito. Ngunit kabaliktaran naman ito sa resulta ng sarbey sapagkat ang saloobin ng guro at mga estudyante ay neutral lamang na ang guro ay may kapangyarihan o awtoridad sa paggamit ng wikang Filipino sa klase ng Fil, AP, at EsP.

Talahanayan 3, ipinakikita ang dalas ng pagpapalit-koda ng guro sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao

Talahanayan 3.1

Dalas ng Pagpapalit-koda ng Guro sa Klase ng Filipino

Uri ng Pagpapalit-koda	Filipino								
	GP1			GP2			GP3		
	<i>f</i>	%	Ranggo	<i>f</i>	%	Ranggo	<i>f</i>	%	Ranggo
1. <i>Tag switching</i>	125	81	1	106	47	2	91	69	1
2. <i>Inter-sentential switching</i>	30	19	2	118	53	1	39	30	2
3. <i>Intra-switching</i>	0	0	3	0	0	3	1	1	3
Kabuoan	155	100		224	100		131	100	

Leyenda: GP1- Guro sa Paaralan 1, GP2- Guro sa Paaralan 2, GP3- Guro sa Paaralan 3, *f*- frekwensi/dalas

Ang talahanayan 3.1 ay nagpapakita ng resulta sa dalas ng pagpapalit-koda ng guro sa ginawang pagsusuri mula sa aktuwal na obserbasyon sa klase ng Filipino sa Paaralan 1, Paaralan 2, at Paaralan 3. Ito ay kinuha mula sa tig-dadalawang (2) oras sa bawat klase ng Filipino sa bawat paaralan na may kabuoang anim (6) na oras. Makikita na ang guro sa Fil (P2) ang may pinakamadalas gumamit ng pagpapalit-koda na may isandaanlabingwalo (118) o 53% sa paggamit ng *inter-sentential switching* at isandaan anim (106) o 47% naman sa paggamit ng *tag switching* na may kabuoang bilang na dalawandaan dalawampu't apat (224) o 100%. Samantala, ang guro sa Fil (P3) ang may pinakamababang bilang ng paggamit ng palit-koda na may siyamnapu't isa (91) o 69% sa paggamit ng *tag-switching* at tatlumpu't siyam (39) o 30% sa paggamit ng *inter-sentential switching* na may kabuoang bilang na isandaan tatlumpu't isa (131) o 100%.

Sa interbyu mula sa mga guro sa Filipino sa P1, P2, at P3 ay napatunayan din na madalas silang nagpapalit-koda sa klase at ang uri ng pagpapalit-kodang kadalasang kanilang ginagamit ay ang *inter-sentential switching* minsan lamang ang *intra-sentential switching*. Ang resulta ng interbyu ay katulad sa resulta ng isinagawang pagsusuri mula sa obserbasyon sapagkat *inter-sentential switching* ang nangungunang ginamit sa klase. Sa isinagawang pag-aaral nina Heeti at Abdely (2016), lumabas na ang *inter-sentential switching* ang nangunguna na madalas gamitin sa formal na usapan. Gayundin sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na ang *inter-sentential switching* ang madalas gamitin sa klase.

Samantala ayon sa pag-aaral nina Bilgin at Rahimi (2013), ibinuod nila na kadalasan ang mga guro sa literatura ay nagpapapagalit-koda sapagkat nakatutulong ito para mas madaling maintindihan o maunawaan ang leksyon ngunit, dahil nga sa ang pagkatuto ng banyagang wika ay nangangailangan ng *fluency* o kahusayan sa paggamit ng wika, ang ibang guro ay hindi pabor na palaging gagamitin ang palit-koda maliban na lamang kung gagamitin ito sa pagpapalinaw ng mga instruksyon o panuto sa klase. Sa madaling sabi, ang dalas ng pagpapalit-koda ay nakadepende sa sitwasyon. Samantala sa kasalukuyang pag-aaral ipinakita na palagi o madalas nagpapalit-koda ang guro sapagkat malaki ang naitutulong nito sa pagtuturo upang mas mapadali ang talakayan sa loob ng klase at nang maintindihan at maunawaan kaagad ng mga estudyante ang paksang tinatalakay.

Ang talahanayan 3.2 ay nagpapakita ng resulta sa dalas ng pagpapalit-koda ng guro mula sa ginawang pagsusuri sa aktuwal na obserbasyon sa klase ng Araling Panlipunan sa Paaralan 1, Paaralan 2, at Paaralan 3. Ito

ay kinuha mula sa tigdadalawang (2) oras sa bawat klase ng Araling Panlipunan sa bawat paaralan na ay kabuoang anim (6) na oras. Makikita na ang guro sa AP (P3) ang may pinakamadala gumamit ng pagpapalit-koda. Dalawandaan animnapu't siyam (269) o 62% ang paggamit ng *inter-sentential switching*, isandaan animnapu't walo (168) o 38% sa paggamit ng *tag switching* na may kabuoang bilang na apatnaraan tatlumpu't pito (437) o 100%. Samantala, ang guro sa AP (P1) ang may pinakamababang bilang ng paggamit ng palit-koda na may kapwa isandaan isa (101) o 50% sa paggamit ng *tag switching* at *inter-sentential switching* na may kabuoang bilang na dalawandaan tatlo (203) o 100%.

Talahanayan 3.2

Dalag ng Pagpapalit-koda ng Guro sa Klase ng Araling Panlipunan

Uri ng Pagpapalit-koda	Araling Panlipunan								
	GP1			GP2			GP3		
	<i>f</i>	%	Ranggo	<i>f</i>	%	Ranggo	<i>f</i>	%	Ranggo
1. <i>Tag switching</i>	101	50	1.5	101	41	2	168	38	2
2. <i>Inter-sentential switching</i>	101	50	1.5	147	59	1	269	62	1
3. <i>Intra-switching</i>	1	0	3	1	0	3	0	0	3
Kabuoan	203	100		249	100		437	100	

Leyenda: GP1- Guro sa Paaralan 1, GP2- Guro sa Paaralan 2, GP3- Guro sa Paaralan 3, *f*- frekwensi/dalag

Sa interbyu mula sa mga guro sa Araling Panlipunan sa P1, P2, at P3 ay napatunayan na madalas din silang nagpapalit-koda sa klase at ang uri ng pagpapalit-kodang kadalasang kanilang ginagamit ay ang *inter-sentential switching* minsan lamang ang *tag switching*. Ang resulta ng interbyu ay katulad sa resulta ng isinagawang pagsusuri mula sa obserbasyon sapagkat *inter-sentential switching* ang nangungunang ginamit sa klase. Sa isinagawang pag-aaral ni Syilvia (2018), lumabas na ang *inter-sentential switching* ang nangunguna na madalas gamitin sa panahon ng lektur sapagkat napapadali ang mga pagtalakay sa mga leksyon. Gayundin sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na kung saan ang *inter-sentential switching* ang madalas gamitin sapagkat malaki ang naitutulong nito sa mabilis na pagkatuto ng mga estudyante.

Talahanayan 3.3

Dalag ng Pagpapalit-koda ng Guro sa Klase ng Edukasyon sa Pagpapakatao

Uri ng Pagpapalit-koda	Edukasyon sa Pagpapakatao								
	GP1			GP2			GP3		
	<i>f</i>	%	Ranggo	<i>f</i>	%	Ranggo	<i>f</i>	%	Ranggo
1. <i>Tag switching</i>	169	41	2	113	31	2	110	51	1
2. <i>Inter-sentential switching</i>	244	59	1	246	67	1	104	49	2
3. <i>Intra-sentential switching</i>	2	0	3	6	2	3	0	0	3
Kabuoan	415	100		365	100		214	100	

Leyenda: GP1- Guro sa Paaralan 1, GP2- Guro sa Paaralan 2, GP3- Guro sa Paaralan 3, *f*- frekwensi/dalag

Ang talahanayan 3.3 ay nagpapakita ng resulta sa dalag ng pagpapalit-koda ng guro mula sa ginawang pagsusuri sa aktuwal na obserbasyon sa klase ng Edukasyon sa Pagpapakatao sa Paaralan 1, Paaralan 2, at Paaralan 3. Ito ay kinuha mula sa tigdadalawang (2) oras sa bawat klase ng Edukasyon sa Pagpapakatao sa bawat paaralan na may kabuoang anim (6) na oras. Makikita na ang guro sa EsP (P1) ang may pinakamadala gumamit ng pagpapalit-koda. Dalawandaan apatnapu't apat (244) o 59% sa paggamit ng *inter-sentential switching*, isandaan animnapu't siyam (169) o 41% sa paggamit ng *tag switching* at dalawa (2) o 0% sa paggamit ng *intra-sentential switching* na may kabuoang bilang na apatnaraan labinlima (415) o 100%. Samantala, ang guro

Ang pagpapalit-koda sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa Baitang 7

sa EsP (P3) ang may pinakamababang bilang ng paggamit ng palit-koda na may isandaan sampu (110) o 51% sa paggamit ng *tag switching*, isandaan apat (104) o 49% at wala o 0% sa paggamit ng *intra-sentential switching* na may kabuoang bilang na dalawandaan labing-apat (214) o 100%.

Sa interbyu mula sa mga guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao sa P1, P2 at P3 ay napatunayan na madalas din silang nagpapalit-koda sa klase at ang uri ng pagpapalit-kodang kadalasang kanilang ginagamit ay ang *tag switching* minsan lamang ang *intra-sentential switching*. Ang resulta ng interbyu ay hindi katulad sa resulta ng isinagawang pagsusuri mula sa obserbasyon sapagkat *inter-sentential switching* ang nangungunang ginamit sa klase. Sa isinagawang pag-aaral ni Yusuf et al., (2018), lumabas din na ang *inter-sentential switching* ay madalas gamitin sa pagbuo ng kuwento gaya ng nobela. Gayundin sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan ang *inter-sentential switching* din ang kadalasan ginagamit ngunit sa sitwasyong pangklasrum.

Sa talahanayan 4, ipinakita ang saloobin ng mga guro sa paggamit ng palit-koda sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao. Ito ay may kabuoang bilang na 15, walong aytem ang nakuha ng mga gurong may pahayag na lubusang sang-ayon, ito'y sa aytem 1, 2, 7, 8, 9, 11, 13, at 15. Limang aytem naman ang nakuha ng mga gurong may pahayag na sang-ayon, ito'y sa aytem na 3, 4, 5, 12, at 14 na pawang nagsasaad ng mga positibong saloobin. Samantalang dalawang aytem lamang ang nakakuha ng neutral na nasa aytem 6 at 10.

Talahanayan 4

Saloobin ng Guro sa Paggamit ng Palit-koda sa Klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao

Bisa ng Filipino, Ingles, at Cebuano sa Kumbersasyong Pangklasrum	wx	Ranggo	Deskripsyon
1. Nais ng mga estudyante ang gurong nagsasalita ng Filipino, Ingles at Cebuano dahil ang mga ito ay napakahalagang lengguwahe sa kanila.	4.25	8	Lubusang sang-ayon
2. Nakapag-iinteract ang mga estudyante nang mahusay kapag ang kanilang guro at kaklase ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano sa klase.	4.50	5	Lubusang sang-ayon
3. Nahihikayat ang mga estudyante na magpartisipeyt sa talakayang pangklasrum kapag ang kanilang guro ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano sa klase.	4.12	10	Sang-ayon
4. Mas gusto ng mga estudyante ang gurong gumagamit ng Filipino, Cebuano at Ingles sa klasrum.	4.12	10	Sang-ayon
5. Mas nakauugnay ang mga estudyante sa mga halimbawa kapag ito ay nailahad sa Cebuano.	4.12	10	Sang-ayon
6. Naniniwala ang mga estudyante na may awtoridad ang kanilang guro na magsalita lamang ng Filipino sa klase.	3.38	14.5	Neutral
7. Mas malinaw at nauunawaan ng mga estudyante ang mga instruksyon sa bawat pangkatang gawain kung ang kanilang guro ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano.	4.75	1.5	Lubusang sang-ayon
8. Naisasagawa nang maayos ang mga pangkatang gawain kapag ginagamit ang Filipino, Ingles at Cebuano sa klase.	4.75	1.5	Lubusang sang-ayon
9. Napadadali ang mga talakayan kung ang guro ay lumipat mula Filipino patungo sa Cebuano at <i>vice-versa</i> , Filipino patungo sa Ingles at <i>vice-versa</i> .	4.62	3	Lubusang sang-ayon
10. Ok lang sa mga guro na lumipat mula sa Filipino patungo sa Cebuano panahon ng talakayan "kay Bisaya ra gud ta."	3.38	14.5	Neutral
11. Nagpapalit-koda ang mga guro mula Filipino patungo sa Cebuano dahil alam nila na ang ibang idea ay naipapaliwanag nang maayos sa Cebuano kaysa Filipino o Ingles.	4.38	7	Lubusang sang-ayon
12. Ang mga guro ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano sa klase dahil sa nahihirapan silang magsalita nang tuwiran sa Filipino.	3.75	13	Sang-ayon
13. Ang mga gurong mahusay magsalita ng Filipino sa klase ay gumagamit din Cebuano dahil nakatutulong itong maunawaan ng mga estudyante ang mga leksiyon.	4.50	5	Lubusang sang-ayon
14. Ang mga gurong nagsasalita ng Filipino, Ingles at Cebuano sa talakayang pangklasrum ay mas gusto ng mga estudyante.	4.00	12	Sang-ayon
15. Karamihan sa mga guro ay gumagamit ng Cebuano at Ingles, bilang karagdagan sa Filipino panahon ng talakayan sa klase at mga gawaing pangklasrum.	4.50	5	Lubusang sang-ayon
Kabuoang wx	4.21		Lubusang sang-ayon
Range of Values:	4.21- 5.00		Lubusang sang-ayon
	3.41- 4.20		Sang-ayon
	2.61- 3.40		Neutral
	1.81- 2.60		Di sang-ayon
	1.00- 1.80		Lubusang di sang-ayon

Mas maraming respondente ang nagpahayag ng positibong saloobin na may \bar{wx} na 4.21 (lubusang sang-ayon)

na nagpatunay lamang na malaki ang naitutulong ng pagpapalit-koda sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao.

Sa interbyu na isinagawa, halos lahat ng mga guro na nagtuturo ng Fil, AP, at EsP ay may positibong saloobin sa paggamit ng palit-koda sapagkat ito ay nagsisilbing *tool* upang maipaliwanag nang mahusay at puno sa kaalaman ang mga paksa at nang sa ganun ay madaling maintindihan at maunawaan ng mga mag-aaral na siyang pangunahing layunin ng edukasyon sa bansa. Nakatutulong ang pagpapalit-koda dahil sa pamamagitan nito ay mas lalong nagkakaroon ng interaksyon ang mga mag-aaral lalo na tungkol sa kuwento na kung saan naibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang naging karanasan gamit ang wikang Cebuano. Natutugunan din nito ang *diversity of learners* kung saan mas nagiging komportable ang mga mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang wika sa pagpapahayag lalo na sa mga science high school kung saan may major subjects gaya ng English, Science, at Math na ang *medium of instructions* ay English. Kaya hindi maiiwasan na sa mga klase ay ginagamit din ang English language. Nakatutulong ang pagpapalit-koda lalong-lalo na sa mga guro na hindi dalubhasa sa wikang Filipino o hindi mahusay sa pagsasalita sa wikang ito dahil mas nai-*express*, naipapaliwanag, naihatid at naipaintindi nila ang konsepto ng aralin gamit ang English at Cebuano. Subalit isa lamang ang nagsasabi na neutral lang siya pagdating sa paggamit ng palit-koda sa klase sapagkat ito ay nakadepende sa sitwasyon. Kapag ang mag-aaral ay nasa mataas na antas o lebel na ng pag-uunawa inaasahan na malawak na ang kaniyang kaalaman sa paggamit ng wikang Filipino ngunit sa mga mag-aaral na nasa mababang antas o lebel pa ng pag-unawa inaasahan na hindi pa masyadong malawak ang kaniyang kaalaman lalo na ang paggamit ng wika kaya inaasahan na nagpapalit-koda ito.

Batay sa isinagawang pag-aaral nina Bhatti et al. (2018), lumabas na kahit na alam ng mga guro sa Pakistan ang patakarang pangwika sa sitwasyong pangklasrum ay positibo pa rin ang kanilang saloobin sa paggamit ng palit-koda sa klase. Ito ay dahil naniniwala ang mga guro na natutulongan ng pagpapalit-koda ang mga estudyante na hindi sanay sa paggamit ng English. Gayundin sa kasalukuyang pag-aaral, na positibo ang saloobin sa paggamit ng palit-koda sapagkat natutulongan nito ang mga estudyante na hindi sanay at mahusay sa paggamit ng Filipino. Dagdag pa, na sa pag-aaral nina Bilgin at Rahimi (2013), lahat ng mga instruktur sa Halic University ay gumamit ng palit-koda sa klase *to facilitate language learning* at nagiging maluwag ang lugar ng pagkatuto o ang *learning environment* sapagkat mas nagiging komportable ang mga estudyante sa paggamit ng mga pamilyar na salita sa katutubong wika. Positibo rin ang naging resulta sa pag-aaral ni Quetives (2008), sapagkat mas naiintindihan at nagiging makabuluhan sa mga estudyante ang pag-aaral ng mga leksyon kapag ang mga guro ay gumamit ng English at Cebuano sa talakayan. Napatunayan din na sa kasalukuyang pag-aaral na parehong positibo ang saloobin ng mga guro sa paggamit ng palit-koda sapagkat ito ay nagsisilbing *tool strategy*. Nakatutulong ito para mas maipaliwanag nang maayos ang paksa ng talakayan gayundin sa ikadadali ng pagkatuto ng mga estudyante. Sa madaling sabi ay natutugunan ng palit-koda ang mabilis na pag-unawa at pagkatuto ng mga estudyante gayundin sa pagbibigay kahulugan sa mga bagong salita at ang kanilang aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto. Dagdag pa ni Skiba (1997), na ang pagpapalit-koda ay ginagamit sa loob ng silid-aralan dahil sa kawalan ng kakayahan sa pagpapahayag at pagbibigay nito nang tuloy-tuloy na pagsasalita kaysa sa panghihimasok sa daloy ng lingguwistikong pagpapahayag. Ito ay nagsisilbing suportang elemento ng komunikasyon sapagkat sa tulong nito ay nabibigyang linaw ang mga konsepto at nailalapat ang tamang kaalaman sa mga estudyante.

Sa talahanayan 5, sa saloobin ng mga estudyante sa paggamit ng palit-koda sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao na may kabuoang bilang na 15, pitong aytem ang nakuha ng mga estudyanteng may pahayag na lubusang sang-ayon sa aytem na 2, 3, 4, 7, 8, 14, at 15. Anim na aytem naman ang nakuha ng mga estudyanteng may pahayag na sang-ayon, ito'y ang aytem 1, 5, 9, 10, 11, at 13 na pawang nagsasaad ng mga positibong saloobin. Samantala dalawang aytem lamang ang nakakuha ng neutral na nasa aytem 6 at 12. Mas maraming estudyante ang nagpahayag ng positibong saloobin na may *wx* na 4.08 (sang-ayon) na nagpatunay lamang na malaki ang naitutulong ng pagpapalit-koda sa klase sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao.

Talahanayan 5

Saloobin ng mga Estudyante sa Paggamit ng Palit-koda sa Klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao

Bisa ng Filipino, Ingles, at Cebuano sa Kumbersasyong Pangklasrum	mx	Ranggo	Deskripsyon
Nais ko ang gurong nagsasalita ng Filipino, Ingles at Cebuano dahil ang mga ito ay napakahalagang lengguwahe sa kanila.	3.73	12	Sang-ayon
Nakapag-iinteract ako nang mahusay kapag ang aming guro at kaklase ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano sa klase.	4.33	4	Lubusang sang-ayon
Nahihikayat akong magpartisipeyt sa talakayang pangklasrum kapag ang aming guro ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano sa klase.	4.23	7	Lubusang sang-ayon
Mas gusto ko ang gurong gumagamit ng Filipino, Cebuano at Ingles sa klasrum.	4.35	5	Lubusang sang-ayon
Mas nakauugnay ako sa mga halimbawa kapag ito ay nailahad sa Cebuano.	3.65	13	Sang-ayon
Naniniwala ako na may awtoridad ang guro na magsalita lamang ng Filipino sa klase.	3.40	14	Neutral
Mas malinaw at nauunawaan ko ang mga instruksyon sa bawat pangkatang gawain kung ang guro ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano.	4.50	2	Lubusang sang-ayon
Naisasagawa ko nang maayos ang mga pangkatang gawain kapag ginagamit ang Filipino, Ingles at Cebuano sa klase.	4.32	6	Lubusang sang-ayon
Napadadali ang mga talakayan kung ang guro ay lumipat mula Filipino patungo sa Cebuano at <i>vice-versa</i> , Filipino patungo sa Ingles at <i>vice-versa</i> .	4.13	8	Sang-ayon
Naniniwala ako na ok lang sa mga guro na lumipat mula sa Filipino patungo sa Cebuano panahon ng talakayan "kay Bisaya ra gud ta."	3.90	11	Sang-ayon
Nagpapalit-koda ang mga guro mula Filipino patungo sa Cebuano dahil alam nila na ang ibang idea ay naipapaliwanag nang maayos sa Cebuano kaysa Filipino o Ingles.	4.12	9	Sang-ayon
Ang mga guro ay gumagamit ng Filipino, Ingles at Cebuano sa klase dahil sa nahihirapan silang magsalita nang tuwiran sa Filipino.	3.34	15	Neutral
Ang mga gurong mahusay magsalita ng Filipino sa klase ay gumagamit din Cebuano dahil nakatutulong itong maunawaan ng mga estudyante ang mga leksiyon.	4.04	10	Sang-ayon
Mas gusto ko ang gurong nagsasalita ng Filipino, Ingles at Cebuano sa talakayang pangklasrum.	4.44	3	Lubusang sang-ayon
Karamihan sa mga guro ay gumagamit ng Cebuano at Ingles, bilang karagdagan sa Filipino panahon ng talakayan sa klase at mga gawaing pangklasrum.	4.67	1	Lubusang sang-ayon
Kabuoang mx	4.08		Sang-ayon

Range of Values: 4.21- 5.00 = Lubusang sang-ayon, 3.41- 4.20 = Sang-ayon, 2.61- 3.40 = Neutral, 1.81- 2.60 = Di sang-ayon, 1.00-1.80 = Lubusang di sang-ayon

Pinatunayan din sa *focus group discussion* na isinagawa mula sa kabuoang tatlumpung (30) estudyante ng Baitang 7 sa Paaralan 1, Paaralan 2, at Paaralan 3 ay sang-ayon sila sa paggamit ng palit-koda sapagkat nakatutulong ito upang mapadali ang talakayan, dahil mas naipapaliwanag ng guro ang mga paksa gayundin ang mga sagot ng mga mag-aaral kaya madali nilang naiintindihan ang paksang tinatalakay. Nakatutulong din ang pagpapalit-koda sapagkat hindi lahat nakakaintindi ng Filipino, mas nakakapag-*express* o mas nailalahad nila nang mabuti ang mga idea gamit ang iba't ibang wika gaya ng English at Cebuano kung saan mas komportable sila. Minsan ay nagpapalit-koda sila dahil may mga pagkakataon na hindi nila alam ang idurutong gamit ang iisang wika. Samantala, iisa lamang ang nagsasabi na nasa gitna lamang siya o neutral sa paggamit ng palit-koda dahil ayon sa kaniya, kahit nagkakaintindihan sila nang mayos ay parang naiisip niya na ano pa ang silbi na tinatawag ang asignatura na Filipino kung gagamitin din naman ang ibang lengguwahe at nandoon ang asignaturang ito para masanay sila. Ito ay para magamit ang Filipino palagi. Kung palaging ikokonsidera na magsalita ng Ingles at ibang lengguwahe ano ang silbi ng Filipino? Para lang itong Taglish at nawawala ang tugon at layunin ng asignaturang Filipino. Kahit na may iilan ang neutral sa paggamit ng palit-koda ay masasabi pa rin na karamihan ay may positibong saloobin sa paggamit nito sapagkat ito'y lubos na nakatutulong sa kanila bilang mga mag-aaral sa mabilis na pagkatuto.

Sa isinagawang pag-aaral ni Alkhudair (2019), lumabas na ang mga estudyante ng kolehiyo ay may positibong saloobin sa paggamit ng palit-koda sa klasrum. Sapagkat ito ay nagsisilbing *valuable tool* na ibig sabihin ay sa tulong ng palit-koda ay masigasig silang nakikilahok sa talakayan sa klase, naniniwala rin silang natutugunan nito ang kanilang mabilis na pagkatuto sa mga aralin sapagkat mas nabibigyang linaw at naipapaliwanag nang buong husay ng kanilang propesor ang mga leksyon sa tulong ng katutubong wika. Dagdag pa, sa pag-aaral ni Alenezi (2010) at Quitevis (2008), mas nagiging kampante ang mga estudyante sa paggamit

ng palit-koda sa klase sapagkat napapadali ang kanilang pagkatuto sa kursong kanilang pinag-aaralan. Gayundin sa kasalukuyang pag-aaral kung saan positibo rin ang saloobin ng mga estudyante sa paggamit ng palit-koda sa klase sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sapagkat mas napapadali ang kanilang talakayan sa loob ng klasrum.

Talahanayan 6

t-Test para sa Makabuluhang Pagkakaiba sa Pagitan ng Saloobin ng Guro at Saloobin ng mga Estudyante ($\alpha=0.05$)

Baryabol	<i>n</i>	Mean	<i>P-value</i>	Desisyon	Remarks
1	8	4.21	0.919	Bigong-tanggihan ang H_0 (<i>Failed to Reject H_0</i>)	Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng saloobin ng guro at mga estudyante.
2	30	4.19			

Ipinakita sa talahanayan 6 ang makabuluhang pagkakaiba ng saloobin sa pagitan ng guro at estudyante. Ang baryabol 1 (saloobin ng guro) ay may *weighted mean* na 4.21 samantalang 4.19 naman ang *weighted mean* ng baryabol 2 (saloobin ng mga estudyante). Ang dalawang baryabol ay parehong may labinlimang (15) obserbasyon. Batay sa kompyutesyon, ang *P-value* ng dalawang baryabol ay 0.919, mas mataas ito kaysa α na .05 na ang ibig sabihin ay pareho. Kaya ang naging desisyon ay bigong tanggihan ang H_0 . Sa madaling sabi walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng saloobin ng guro at saloobin ng mga estudyante sa bisa ng palit-koda sa klase ng Fil, AP, at EsP. Makikita na sa talahanayan 4 at talahanayan 5 na mga saloobin ng guro at mga estudyante, ang aytem bilang 2, 7, 8, at 15 ay pareho silang lubusang sang-ayon. Samantala sa aytem bilang 5 naman ay pareho silang sang-ayon sa/mga pahayag. Ibig sabihin na ang mga guro at estudyante ay parehong may positibong saloobin sa paggamit ng palit-koda sa klase.

Sa interbyu na isinagawa sa mga guro ay positibo ang kanilang saloobin sa paggamit ng palit-koda sa klase. Ang sumusunod ay ang kanilang naging saloobin tungkol sa pagpapalit-koda; malaking tulong ang pagpapalit-koda sa talakayan dahil sa pamamagitan nito ay mas lalong nagkakaroon ng interaksyon ang mga bata sa klase, naibabahagi ng mga estudyante ang kanilang saloobin at sariling karanasan tungkol sa leksyon, nakatutulong ito upang mai-deliver nang maayos ang nilalaman, bagkus napapadali rin ang aralin sapagkat madaling naiintindihan ang paksang tinatalakay, natutugunan din nito ang “diversity of learners” kung saang lengguwahe sila mas komportable, “advantageous” din na gumamit ng pagpapalit-koda kasi naihatid nang maayos ang konsepto ng mga aralin at nabibigyan ng pagkakataon na maipaliwanag o ma-express ang gustong sabihin. Sa madaling sabi, positibo ang naging saloobin ng mga guro sa pagpapalit-koda dahil natutulungan ng palit-koda ang mga guro upang mas maipaliwanag ang leksyon gayundin ang talakayan sa loob ng klase ng Fil, AP, at EsP.

Sa *focus group discussion* na isinagawa sa mga estudyante ay halos pareho ang kanilang saloobin sa mga guro na positibo. Ang sumusunod ay ang kanilang naging saloobin sa pagpapalit-koda; nakatutulong ang palit-koda upang mapadali ang talakayan, may iba na hindi nakakaintindi ng Filipino kaya gumagamit sila ng ibang wika, sa pamamagitan ng palit-koda ay mas nailalahad ng kanilang kapwa estudyante ang kani-kanilang idea tungkol sa leksyon, mas nai-express o nailalahad nila nang mabuti ang tamang sagot o ang gustong sabihin, sa tulong ng palit-koda ay mas naiintindihan nila ang gustong ipaliwanag ng guro, natutulungan kung ano ang nais ipahiwatig, samantala ang iba ay mas komportable sa ibang wika gaya ng Cebuano at English, nakatutulong ang palit-koda sapagkat nakukuha nito ang atensyon ng kapwa estudyante at minsan may mga pagkakataon na hindi alam ang idurugtong sa Filipino kaya nagagamit din nila ang palit-koda. Sa madaling sabi ay positibo ang saloobin ng mga estudyante sa pagpapalit-koda sapagkat malaki ng naitutulong nito sa kanilang talakayan sa loob ng klase.

Nangangahulugan lamang na ang mga guro at estudyante ay parehong may positibong saloobin sa paggamit ng palit-koda. Pinatunayan ito sa pag-aaral nina Teklesellassie at Boersma (2018), “Attitudes towards code switching in an English Medium Content Classroom”, natuklasan nila na ang mga guro at estudyante ay may positibong saloobin hinggil sa pagpapalit-koda na siyang makatutulong sa kanila sa mabisang pagpapahayag ng

kanilang idea at pag-unawa sa nilalaman ng talakayan. Gayundin sa kasalukuyang pag-aaral na kung saan positibo rin ang saloobin ng mga guro at estudyante sa bisa ng palit-koda sa klase sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sapagkat mas napapadali ang daloy ng kanilang talakayan at napapabilis ang kanilang pagkatuto.

4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, natuklasan na sa mga uri ng pagpapalit-kodang ginamit ng guro sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao ay nangunguna sa sarbey ang *inter-sentential switching*. Samantala, sa ginawang pagsusuri mula sa aktuwal na obserbasyon at interbyu mas madalas gamitin ang *tag switching* at *inter-sentential switching* sa klase ng Fil, AP, at EsP sa P1, P2, at P3. Sa sampung (10) komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-koda na ginamit ng guro sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao ay nangunguna naman sa sarbey ang mga sumusunod: kakulangan sa rehistro, magbigay ng diin, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, at makahikayat ng atensiyon. Samantala, sa pagsusuring ginawa mula aktuwal na obserbasyon, ang guro sa Araling Panlipunan sa Paaralan 3 ang may pinakamadalas gumamit ng palit-koda sa klase at ang komunikatibong tungkulin ng pagpapalit-kodang kaniyang ginamit ay ang kinagawiang ekspresyon at kakulangan sa pasilidad. Sa interbyu ay madalas gamitin naman ng mga guro ang kinagawiang ekspresyon. Sa dalas ng pagpapalit-koda ng guro sa klase ng Filipino sa Paaralan 1, Paaralan 2, at Paaralan 3, ang guro sa Fil (P2) ang may pinakamadalas gumamit ng pagpapalit-koda sa klase at ang uri ng pagpapalit-kodang kaniyang ginamit ay *inter-sentential switching*.

Pinatunayan din sa interbyu na *inter-sentential switching* ang madalas gamitin ng mga guro sa klase ng Filipino. Sa dalas ng pagpapalit-koda ng guro sa klase ng Araling Panlipunan sa Paaralan 1, Paaralan 2, at Paaralan 3, ang guro sa AP (P3) ang may pinakamadalas gumamit ng pagpapalit-koda sa klase at ang uri ng pagpapalit-kodang kaniyang ginamit ay *inter-sentential switching*. Pinatunayan din sa interbyu na *inter-sentential switching* ang madalas gamitin ng mga guro sa klase ng Araling Panlipunan. Sa dalas ng pagpapalit-koda ng guro sa klase ng Edukasyon sa Pagpapakatao sa Paaralan 1, Paaralan 2, at Paaralan 3, ang guro sa EsP (P1) ang may pinakamadalas gumamit ng pagpapalit-koda sa klase at ang uri ng pagpapalit-kodang ginamit ay *inter-sentential switching*. Subalit, sa interbyu, madalas gamitin ang *tag switching* ng mga guro sa klase ng Edukasyon sa Pagpapakatao. Sa saloobin ng mga guro, pinakita na positibo ang kanilang saloobin dahil ito ay nagsisilbing *tool strategy* sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao. Sa saloobin ng mga estudyante, pinakita na positibo rin ang kanilang saloobin dahil napapadali ang talakayan gamit ang pagpapalit-koda sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng saloobin ng guro at saloobin ng mga estudyante sa pagpapalit-koda sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao. Ibig sabihin na ang mga guro at estudyante ay parehong may positibong saloobin sa bisa ng palit-koda sa klase ng Fil, AP, at EsP.

Batay sa kongklusyon, ang sumusunod na rekomendasyon ay nabuo: pagbutihin ng mga guro ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo lalo na sa panahon ng paggamit ng rehistro, pagbibigay diin, pagkausap sa iba't ibang tagapakinig, at panghikayat ng atensiyon; magsagawa ng seminar-worksyap tungkol sa pagpapalit-koda; pag-ibayuhin pa ang pag-aaral tungkol sa pagpapalit-koda sa klase na may kinalaman sa mga saloobin ng mga guro upang mapagtibay ang positibong resulta nito sa pagtuturo ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao; magsagawa ng kaugnay na pag-aaral tungkol sa saloobin ng mga estudyante sa paggamit ng palit-koda sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao sa mga pribadong paaralan nang mapatibay rin ang positibong resulta nito. Magsagawa ng ekperimentong pag-aaral na nahahambing ang kaalaman, kasanayan, at saloobin ng mga estudyante sa klase na ang guro ay nagpapalit-koda at sa klase na kung saan ang guro ay hindi gumagamit ng palit-koda. Alamin ang positibo at negatibong epekto sa paggamit ng palit-koda sa mga guro at estudyante sa klase ng Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao. Kailangang bigyang pansin at rebyuhin ng mga administrador at lehrador ang *Bilingual Education Policy* at/o maaaring ma-modify o bumuo ng polisiya na may kinalaman sa pagpapalit-koda sa klase.

5. Talasanggunian

- Alenezi, A. A. (2010). Students' language attitude towards using code-switching as a medium of instruction in the College of Health Sciences: An exploratory study. *ARECLS* 7, 1-22.
- Alkhudair, R. Y. (2019). Professors' and undergraduate students' perceptions and attitudes toward the use of code-switching and its function in academic classrooms. *International Journal of English Linguistics*, 9(6), 160. <https://doi.org/10.5539/ijel.v9n6p160>
- Azlan, N. M. N. I., & Narasuman, S. (2013). The role of code-switching as a communicative tool in an ESL teacher education classroom. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, 90, 458–467. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2013.07.115>
- Bhatti, A., Shamsudin, S., & Said, S. B. M. (2018). Code-switching: A useful foreign language teaching tool in EFL classrooms. *English Language Teaching*, 11(6), 93. <https://doi.org/10.5539/elt.v11n6p93>
- Bilgin, G. P., & Rahimi, A. (2013). EFL Teachers' Attitude toward Code Switching: A Turkish Setting. *International Journal of Linguistics*, 5(5), 1. <https://doi.org/10.5296/ijl.v5i5.4043>
- Boztepe, E. (2003). Issues in code-switching: Competing theories and models. *journals.library.columbia.edu*. <https://doi.org/10.7916/salt.v3i2.1626>
- Das, B. (2012). Code-switching as a communicative strategy in conversation. *Global Media Journal*, 3(2).
- Department of Education. (1987, May 21). DO 52, s. 1987 – The 1987 Policy on Bilingual Education. [Department of Education website]. <https://www.deped.gov.ph/1987/05/21/do-52-s-1987-the-1987-policy-on-bilingual-education/>
- Department of Education. (2012, February 17). DO 16, s. 2012 – Guidelines on the implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). [Department of Education website]. <https://www.deped.gov.ph/2012/02/17/do-16-s-2012-guidelines-on-the-implementation-of-the-mother-tongue-based-multilingual-education-mtb-mle/>
- Durano, F. (2009). Attitudes towards English and Fil-English code-switching amongst high school students in Ormoc City, Philippines. <https://www.diva-portal.org/smash/get/diva2:1494658/FULLTEXT01.pdf>
- Heeti, N. A., & Abdely, A. A. (2016). Types of code-switching in the English Language used by Iraqi Doctors in formal settings. *International Journal of Advanced Research and Review*, 1(8), 10-18.
- Metila, R. A. (2009). Decoding the switch: The functions of codeswitching in the classroom. *Education Quarterly U.P. College of Education*, 67(1), 44-61.
- Palmer, D. K. (2009). Code-Switching and symbolic power in a Second-Grade Two-Way classroom: A teacher's motivation system gone awry. *Bilingual Research Journal*, 32(1), 42–59. <https://doi.org/10.1080/15235880902965854>
- Poplack, S. (1980). Sometimes I'll start a sentence in Spanish Y TERMINO EN ESPAÑOL: Toward a typology of code-switching1. *Linguistics*, 18(7–8). <https://doi.org/10.1515/ling.1980.18.7-8.581>
- Quitevis, C. C. (2008). Code-switching in teacher talk in the classroom: Attitudes of teachers, students, and administrators towards it. Unpublished thesis, Silliman University, Dumaguete City.
- Skiba, R. (1997). Code switching as a countenance of language interference. *The Internet TESL Journal*, 3(10). <http://iteslj.org/Articles/Skiba-CodeSwitching.html>
- Sylvia, W. J. (2018). Code switching types used by lecturers. *Indonesian Journal of English Teaching*, 7(2), 163-171. https://www.researchgate.net/publication/332066734_Code_Switching_Types_Used_by_Lecturers
- Teklesellasse, Y. at Boersma, E. (2018). Attitudes towards code-switching in an English-medium content classroom. *PASAA*, 55, 57-77. <https://digital.car.chula.ac.th/pasaa/vol55/iss1/3/>
- Valerio, M. T. B. (2015). Filipino – English code-switching attitudes and practices and their relationship to english academic performance among freshman students of Quirino State University. *International Journal of English Language Teaching*, 2(1). <https://doi.org/10.5430/ijelt.v2n1p76>
- Yusuf, Y. Q., Fata, I. A., & Chyntia, N. (2018). Types of Indonesian-English code-switching employed in a novel. *Kasetsart Journal of Social Sciences*. <https://doi.org/10.1016/j.kjss.2018.02.004>